

## Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church Intl

June 2020



Visit [Ladies Prayer International on Facebook](#) and "like" our page!

### Mga Dapat Gawin Habang Naghihintay sa Panginoon

Ni Liane R. Grant



Wala sa atin ang gustong maghintay, lalo na kung tayo ay maaga at nahuli ng dating ang iba. At habang tumatagal ang paghihintay natin, mas lalo tayong naiinip, kase wala tayong ibang ginagawa kundi maghintay lamang.

Naranasan mo na bang mapagod sa paghihintay sa Panginoon? Nangako Siya na sasagutin Niya tayo, ngunit minsan naiisip natin na huli na ang pagdating ng sagot Niya. Siguro, panahon na para buhayin ang pananampalataya at kumilos. Magpatuloy ka na maniwala na may kasagutan ang iyong mga panalangin, at huwag tumigil na gumawa ng mabubuting bagay na alam mong gawin habang ikaw ay naghihintay.

"At, palibhasa'y nakikipagpulong sa kanila, ay ipinagutos niya sa kanila na huwag silang magsialis sa Jerusalem, kundi hintayin ang pangako ng Ama, na sinabi niyang narinig ninyo sa akin:" (Mga Gawa 1:4).

Sa tuwing ginugunita ko ang nangyari sa upper room bago ang araw ng Pentecost, hindi ko maisip na ang mga alagad ng Diyos ay nakaupo lamang habang humihikab at naiinis dahil sa tagal ng kanilang paghihintay. Lalo na at hindi sinabi ni Hesus kung gaano sila katagal kailangang maghintay. Kundi, ang nakikita ko ay isang grupo ng mga taong puno ng paniniwala, nagdadasal, nag-aaral ng Kanyang salita at nagpapalakas ng loob ng isa't-isa. Kaya handang-handa sila nung pagbaba ng Santong Espiritu.

Kaya, tuwing kailangan nating maghintay sa Panginoon, ang kailangan nating gawin ay maghanda at gumawa ng may pananampalataya, hindi tayo dapat maging tamad at tumigil.

"He said therefore, A certain nobleman went into a far country to receive for himself a kingdom, and to return. And he called his ten servants, and delivered them ten pounds, and said unto them, Occupy till I come." (Luke 19:12-13) Bilang isang taga-salin, nararamdaman ko na ang salitang "occupy" ay madaling maging mali ang pagkakasalin tulad ng "kumuha ng puwang" o "guluhin ang sarili". Ang "The New King James version" ng talatang ito ay mas malinaw: "Do business 'till I come" ("Gumawa kayo hanggang sa aking pagbabalik").

Habang hinahantay natin ang Panginoon, ginagamit ba natin ng mabuti ang mga nabigay na Niya sa atin? Ito pa ang isang talata na madalas mali ang pagkakasalin. "Having then gifts differing according to the grace that is given to us, whether . . . ministry, let us wait on our ministering" (Romans 12:6-7). Hindi sinasabi sa talatang ito na huwag muna tayong gumawa. Muli, ang NKJV ay mas malinaw ang pagkakasalin "let us use it in our ministering" ("gamitin natin ito sa ating pag-gawa").

Parang ang pamamaraan na galing sa Bibliya pagdating sa paghihintay ay ang aktibong paghihintay, ibang-iba sa kadalasang idea na "basta naghihintay lamang". Napakadami nating oportunidad para matuto, lumaki at lumago sa pamamagitan ng paggamit ng mga binigay na sa atin ng Panginoon. Kung naghihintay tayo ng karagdagan nito, mahintay tayo ng may gawa, pagsamahin natin ang pananampalataya at gawa!

Note: Si Liane ay isang sertipikadong tagasalin ng Ingles / Pranses at may-akda ng Order My Steps at ang seryeng "Schedule Solutions" sa Amazon. Siya at ang kanyang asawang si Scott ay mga misyonero sa Quebec, Canada. Si Liane ay nagsisilbing Pangulo ng Ladies ministry sa Quebec at siyang tagapagtatag at tagapamahala ng proyekto ng The King's translator, isang pangkat ng mga boluntaryo na nakatuon sa pagbibigay ng mga mapagkukunang apostolic resources sa Pranses.

---

## Maghintay sa Panginoon

Ni Erin Rodrigues



Madalas, isa sa pinakamahirap gawin sa buhay na ito ay ang maghintay, ngunit parang yan lang ang magagawa ng buong mundo ngayon. Nang dahil sa COVID-19, marami ang natutong maghintay, kahit na ayaw nila. Walang hindi apektado. Ang iba ay pagod na sa paghihintay, ang iba ay nag-aalala, at maaring ang iba ay takot; ngunit kung ikaw ay maghihintay sa Panginoon, bibigyan ka Niya ng bagong kalakasan. Bibigyan ka Niya ng nakakamanghang kapayapaan na magpapalakas sayo sa panahon ngayon na walang kasiguraduhan.

Noong sinabi ni Isaias, " Nguni't silang nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas; sila'y paiilanglang na may mga pakpak na parang mga aguila; sila'y magsisitakbo, at hindi mangapapagod; sila'y magsisilakad, at hindi manganghihina" (Isaias 40:31), alam niya kung paano magbabala at magpayo sa mga anak ng Panginoon. Ngunit sa panahon iyon, gusto din ng Panginoon na bigyan ng kalakasan at ginhawa ang mga tao.

Kadalasan, marami ang naghihintay lang ng walang ginagawa, dahil ang paghihintay sa Panginoon ay nangangahulugan na dapat naka-depende tayo sa kanya ng buo. Ang hindi pag-gawa hanggang gumalaw ang Panginoon ay hindi tamang paraan ng paghihintay. Oo, totoong nagbibigay ang Panginoon ng kalakasan at kapayapaan, ngunit hindi lang Niya ito bastang ibibigay kung hindi tayo gagalaw.

Kasama sa paghihintay sa Panginoon ang pagsisilbi sa Kanya sa panalangin, pagtitiwala at pananampalataya. Ang kalakasan, kabaguhan, katapangan at kapayapaan ay dadating sa atin kapag tayo ay mas lumapit sa Kanya, magsilbi at magtiwala ng buong-buo at hindi sa ating sariling pag-intindi at kalakasan. Habang tayo ay nakatingin sa Kanya at naghihintay, ang pangako Niya sa kanyang salita ay palalakasin Niya ang ating mga puso at buhayin Ang ating mga kaluluwa.

Layunin ng Panginoon ay bigyan tayo ng kalakasan at kapayapaan habang nasa panahon tayo ng walang-kasiguraduhan – ang hinihingi Niya lang sa atin ay maghintay tayo sa Kanya!

Note: Si Erin Rodrigues kasama ang kanyang asawa na si Oscar, at dalawang anak, na sina Levy at Lily, ay mga kinatawan ng UPCI sa bansa ng Portugal. Sama-sama silang pastor ng isang lumalagong simbahan sa kabisera ng rehiyon ng Lisbon kung saan itinuturo at sinanay nila ang mga kalalakihan, kababaihan, at pamilya na magtrabaho para sa Diyos. Gustung-gusto ng Rodrigues na gawin ang mga inutos ng Panginoon na gawin nila, pangangaral at pagtuturo ng ebanghelyo at paglilingkod sa magagandang kaluluwa ng Portugal.

## **Paghihintay sa Malabong Daanan**

Ni Von de Leigh Hatcher



Noong Enero 2018, may nag-alok sa akin ng pansamantalang trabaho sa kabilang bayan na makakatulong sa aking karera, ngunit mag-lalayo sa akin sa simbahan, aking pamilya at mga kaibigan. At habang pinapanalangin ko na gabayan ako ng Panginoon, kinausap Niya ako. Ang salita na sinabi Niya ay galing sa Isaias 48:17.

"Ako ang Panginoon mong Dios, na nagtuturo sa iyo ng mapapakinabangan, na pumapatnubay sa iyo sa daan na iyong marapat na lakaran."

Nakaramdam kaagad ako ng kapayapaan. Naging malabo ang aking pananampalatayo sa Panginoon dahil sa aking takot sa walang kasiguraduhan. Kaya't desidido ako ipagkatiwala sa Kanya ang aking mga susunod na hakbang.

Lumipat ako sa ibang bayan, nagtrabaho, at nagsilbi sa simbahan kung saan ako dumadalo. Pero, ala-ala ko parati na pansamantala lamang ang aking trabaho duon.

Sumunod na taon, ang aking matalik na kaibigan at ang kanyang asawa ay malubhang nasunog dahil sa pagsabog. Pagkatapos ng ilang linggo, sinabihan ako ng aking supervisor na matatapos na ang aking trabaho sa katapusan ng buwan. Sinabihan niya ako na kailangan ko ng umalis sa aking tinutuluyan na bahay na kanilang pinagkaloob sa akin. Parang tumigil ang buhay ko.

Tinanong ko ang Panginoon. Pinapunta ba ako ng Panginoon dito para lang bawiin din Niya lahat ng pinagkaloob Niya? Ang aking daanan pasulong ay naging malabo na naman, at hindi ko alam kung saan ang plano ng Panginoon na sunod kung puntahan. Nag-apply ako sa madaming trabaho at naghanap ng matutuluyan. Pinakinggan ko ang kanta ni James Wilson na "Wait on the Lord" ng paulit-ulit. Sa loob ng maraming linggo, marami akong interview sa trabaho pero walang nag-aalok sa aking ng trabaho.

Pinaalalahanan ko ang aking sarili: "Ngunit silang nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas; sila'y paiilanglang na may mga pakpak na parang mga aguila;

sila'y magsisitakbo, at hindi mangapapagod; sila'y magsisilakad, at hindi manganghihina." (Isaias 40:31).

Sa wakas, habang ako ay nasa trabaho, tinignan ko ang aking kalendaryo. Martes na. Ang huling araw ko sa trabaho ay Biyernes. Kailangan ko umalis sa tinutuluyan ko ng Sabado. Yumuko ako at nagdasal, " Panginoon, alam kong ang oras mo ay hindi ko oras. Ngunit, Panginoon, minsan ay naging tao Ka. Meron lamang akong apat na araw para maglipat, at hindi ko pa alam saan ako lilipat. Panginoon, para sa akin ang apat na araw ay hindi sapat para sa akin."

Makalipas ang dalawang oras, may nag-alok na sa akin ng trabaho! At sa loob ng mga oras na iyon, naayos na din ang aking lilipatan, sa bagong bahay na pagmamay-ari ng aming simbahan na puwede kong rentahan. Patuloy ang Panginoon sa pagbigay ng aking mga pangagailangan!

Tumigil na ba ang mundo mo? Malabo ba ang daan na tinatahak mo?

"Magantay ka sa Panginoon: ikaw ay magpakalakas, at magdalang tapang ang iyong puso; Oo, umasa ka sa Panginoon." (Mga Awit 27: 14).

Note: Von de Leigh Hatcher ay nagsisimba sa The First Pentecostal Church of Westlake, Louisiana. Siya ay nag-aral datil sa LSU at nagtatrabaho sa isang engineering firm.

### **Mula sa editor bagay!**



### **Ang Diyos ay gumagawa ng mga makapangyarihang**

Ang Diyos ay nagbubukas ng maraming pinto at ang newsletter na ito ay magagamit na ngayon sa Ingles, Espanyol, Pranses, Aleman, Olandes, Portuges, Ruso, Griyego, Arabo, Czech / Slovak, Tsino, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italyano, Norwegian, Polish, Hindi, Georgian, Japanese, Swedish, Vietnamese, Thai, Korean at Hebrew Mangyaring tulungan kaming manalangin para sa mga tagasalin ng Serbian, Farsi!

Kung nais mong makatanggap ng alinman sa mga salin sa itaas mangyaring ipaalam ang interes sa LadiesPrayerInternational@aol.com at kami ay nalulugod na idagdag ka sa aming mailing list!

[Bisitahin ang Ladies Prayer International sa Facebook at i-"like" ang aming page!](#)

---